

Gyro MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisyon(2012-3-15)

Petsa ng Paglabas) Pebrero 15, 2012
(Ito ay inilathala isang beses sa isang buwan at makikita sa Website)

Isang taon ng nakalipas mula ng maganap ang kalamidad sa Silangan ng Japan. At nais naming ipakita ang taos puso nming pasasalamat sa lahat ng sumuporta sa amin. Inyo pong tunghayan ang mga pagbabago sa Lungsod ng Fukushima.

【Ang pahayag na liham na ito ay inihahatid ng CLAIR】

Senaryo sa Fukushima



Kori Yado Hina Meguri (kinunan sa bayan ng Kori 2.17.2012)

Sa bayan ng Kori, "Kori Yado Hina Meguri" ay isang uri ng piyesta na kung saan ipinapalamuti ang mga manyikang hina (ang manyikang nagpoprotekta ng mga batang babae sa kapahamakan.)na nagsimula na. Ang pinaka pangunahing atraksiyon ay ang pagdisplay ng manyikang hina, nakabiting manyika at manyikang unggoy. sa ibat –ibang tindahan. Dinadayo ito ng mga turista sa ibang bayan tuwing papasok ang araw ng linggo.



Paraan ng pag-alis ng kontaminadong produktong pang agrikultura (Kinunan sa bayan ng Date 2.24.2012)

Noong isang taon maraming mga produkto and hindi naibenta sa kadahilanang apektado ng radiation. Subalit itong taong ito ,upang tulungan ang mga magsasaka sa pagtatanim ng walang epekto ng radiation, magsasama ang mga magsasaka at gobyerno sa paggawa ng paraan na makapagtanim ng walang epekto ng radiation.



Ang grupo ng broadcasting ng Chinese Telebisyon sa Fukushima(kinunan sa lungsod ng Fukushima 2.25.2012)

Bumisita ang grupo ng broadcasting team mula sa Tsina upang mag-interview ng mga residente ng mga taga Fukushima ukol sa nakaraang lindol. Ang broadcasting team ay nag –interview ng mga organisasyon na binuo ng mga dayuhan residente at mga exchange students na sangkot sa pagbabangong mga aktibidad.

Tinig mula sa Fukushima

Gng.Ishida Miyuki (babae, mula sa Tamura)

Binalak ng aming pamilya na bumisita sa bayan ng Shiga para sa memorial ceremony, ngunit bumalik kami noong 16 pagkalipas ng lindol. At sa kadahilanang magsisimula ang pasukan ng Abril, bumalik kami sa Tamura noong Abril 1. Nang magsimula ang pasukan akala naming na babalik na sa normal ang aming buhay. Pero sa akin pananaw, ay unti unting bumabalik sa normal ang aming buhay pagkaraan ng isang taon pagkatapos ng kalamidad. Bago pa ang lindol ako ay lumalahok sa ibat–ibang pangyayari. Ngunit pagkalipas ng lindol ay bumaba ang aming kita at naging malaking stress ito sa akin. At hindi ko na kayang makisali sa ibat ibang pangyayari. Pero ng naisip ko ang mga taong nawalan ng tahanan dulot ng tsunami ay hindi ko na kayang magreklamo. Kailangan kong magsikap sa paghahanapbuhay ngunit ang ikinatatakot ko ay baka bumigay ako sa isang araw.

Ginoong Mikami Hiroshi (lalake, bayan ng Sukagawa)

Sampung araw mula ng nagkalindol bago naming malaman mag-asawa na siya ay nagdadalantao. Ang aking asawa ay mula sa bayan ng Kyushu, nais ko siyang bumalik doon sa kadahilanan ng pagsabog ng planta ng nukleyar at hindi pa tapos ito. Ngunit, pagkaaraan ng pag-uusap naming dalawa at napagkasunduan na mas maganda ang magkasama kaming dalawa, magaan sa pag-iisip at kalooban. Nang dahil sa masyado akong Nabahala sa idudulot ng radiation sa mga nagdadalantaong babae, naging maingat ako sa tubig at pagkaing kakainin at iinumina naming mag-asawa. Umuwi ang aking asawa sa kanilang lugar noong Agosto at nagsilang sa aming panganay noong Oktubre 25. Pareho silang bumalik sa Fukushima noong Nobyembre. Patuloy pa rin ang aming pag-iingat dahil sa epekto ng radiation lalong lalo ng sumususo sa kanyang ina ang aming anak. Pinipilit kong mapagaan ang aking isipan upang hindi ma-stress.

Gng. Sean Mahoney (mula sa bansa ng Canada, lalake lungsod ng Fukushima)

Kung ikukumpara sa mga nawalan ng bahay, sasakyan at buhay noong Marso 11. Kami ng aking pamilya ay masuwerte pa rin. Ang pagsabog ng nukleyar ay naging mahirap para sa aming mag-asawa. Kami ay nababahala pa ring mag-asawa sa level ng radiation sa aming lugar. At nais naming matapos ang pagdidilig ng bahay bago bumalik ang aming mga anak mula sa kanilang lola sa Aizu. Naging masama na ang planta ng nukleyar ay nasa Fukushima dahil ang akala ng tao sa buong mundo apektado ang buong Fukushima. Sa ganoon pa man dahil nasanay na kami at maraming kaibigang nagmamahal sa amin napagdesisyonan naming na manatili dito sa Fukushima. Nagpapasalamat kami dahil mabilis na inaaksiyonan ng Gobyerno ang pagsusuri sa pagkain at ang paglilinis at naway patuloy nilang gawin ito ng walang pagpipilit ng gobyerno.

Gng. Sampei Sumie (mula Tsina, babae sa bayan ng Namie)

Nang gabi ng Marso 12, nakatanggap ako ng impormasyon mula sa aming munisipyo na nagsasaad na kailangang lumikas sa Tsujima. Noong oras na iyon akala ko kami ay lilikas ng 2 o 3 araw lamang at makabalik sa sarili naming tahanan. Kinubukasan kami ay nagimpake ng aming mga gamit at lumikas. Pagkaraan noon kami ay lumikas sa ibat ibang lugar hangang Agosto ng kami ay ilagay sa temporary housing sa Fukushima. Ako ay may 2 anak sa elementarya at pagkatapos ng mga pangyayari, kami ay pinalikas ng sa pilitan ng walang masyadong preparasyon at nailipat mula sa shelter hangang sa temporary housing at kailangan naming maghanap ng panibagong eskuwelahan ng aming mga anak. Napakalaking stress sa akin at mga anak. Nakabili kami ng aming bahay 5 taon palang nakakalipas at may natitira pang bayarin ang bahay na ito. Kahit anong gawin ko hindi maresolba ang problemang hinaharap ngayon. Ang aking dapat na gawin ay manatili ang paniniwala na may magagandang mangyayari.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>